# MGA PAMANTAYAN SA PAGTATRABAHO NG CHICAGO

**SAKLAW NG ORDINANSA LABAN SA PAGHIHIGANTI ANG LAHAT NG MGA MANGGAGAWA**

## LABAN SA PAGHIHIGANTI DAHIL SA BAKUNA SA COVID-19

**PINOPROTEKTAHAN ANG MGA MANGGAGAWA MULA SA PAGHIHIGANTING MAY KAUGNAYAN SA PAGPAPABAKUNA SA COVID-19**

**Ang Ordinansa Laban sa Paghihiganti dahil sa Bakuna** ay nagbibigay-daan sa mga manggagawa para magpabakuna sa loob ng kanilang mga oras ng trabaho, nag-aatas ng kabayaran mula sa mga Employer na iniuutos ang pagpapabakuna, para sa mga oras na ginugol para magpabakuna, at ipinagbabawal ang paghihiganti para sa paggamit sa oras ng paggawa para magpabakuna

Nag-aalok ang Ordinansa Laban sa Paghihiganti dahil sa Bakuna ng mga sumusunod na proteksyon

| # | Proteksyon |
|---|---|
| 1 | Hindi maaaring iatas ng isang employer sa manggagawa na magbapakuna sa mga oras na hindi kabilang sa oras ng paggawa, at hindi ito maaaring maghiganti laban sa isang manggagawa para sa paggamit ng oras ng paggawa para magpabakuna |
| 2 | Maaaring gamitin ng isang manggagawa ang kanyang naipong bayad na pagliban para sa sakit o bayad na panahon ng pahinga para magpabakuna, at dapat payagan siya ng kanyang employer na gamitin ang naipong bayad na panahon para sa layuning iyon |
| 3 | Ang isang employer na nangangailangan ng isang manggagawa na nabakunahan ay dapat magbayad sa manggagawa para sa kayang oras, na hanggang apat na oras kada dosis, na ginugol ng manggagawa para magpabakuna, kung ang appointment para sa bakuna ay sa panahon ng kanyang oras ng trabaho. Sa kasong ito, hindi maaaring iatas ng isang employer sa manggagawa na gamitin niya ang kanyang bayad na pagliban para sa sakit o bayad na panahon ng pahinga para saklawin ang mga oras na hindi siya nakapagtrabaho para magpabakuna |
| 4 | Hindi maaaring maghiganti ang isang employer laban sa manggagawa para sa paggamit ng oras ng paggawa para kumuha ng bakuna |

## MAGHAIN NG REKLAMO

**Tumawag sa 311, gamitin ang CHI 311 app,
o maghain ng Talaan ng Reklamo sa
www.chicago.gov/laborstandards**

Para sa karagdagang detalye, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho (Office of Labor Standards) sa
bacplaborstandards@cityofchicago.org o sa **312-744-2211**

BACP
Business Affairs and Consumer Protection

Huling nabago noong Abril 21, 2021